# Higit pang pagpapaliwanag sa pederalismo kailangan-Joy B



Joy Belmonte

Kailangan pa ng higit na pagpapaliwanag sa mamamayang Pilipino tungkol sa pederalismo upang maunawaan nila ang benepisyong makukuha dito.

Ito ang sinabi ni QC Vice Mayor Joy Belmonte hinggil sa ulat na isang tao lamang sa apat na mamamayan ang nakakaalam sa federalism batay sa SWS survey.

"Kailangan lamang talaga na maipaliwanag pa sa kanila ang adhikain ng isang federal system of government. Sa amin sa lokalidad, oras na maipatupad ang pederalismo, higit na magkakaroon ng boses ang bawat mamamayan at ang mamamayan ang may direktang access sa pondo ng pamahalaan at direktang makikinabang sa mga programa ng bawat rehiyon", pahayag ni Belmonte.

Sa kanyang panig, sa ginanap na federalism symposium na pinangunahan ng Partido Federal ng Pilipinas (PFP), sinabi naman ni Constitutional Commission Chairman Reynato Puno, ang mga failure ng 1987 constitution ay mabibigyang daan tulad ng problema sa kahirapan sa pamamagitan ng pederalismo.

"Kailangan talaga maisulong ang pederalismo at malaki ang paniwala ko na maipatutupad ito, lahat ng failure ng 87 constitution ay mareresolba ng federalism, ang pinaka matinding failure niyan ay ang widespread poverty, bakit ba iilang pamilya lamang ang mayaman sa ating bansa, bakit mayaman sa natural resources ang mga rehiyon pero naiiwan sila, What is wrong in our unity government kaya nga oras na maipatupad ang federalism, maaalis ang dynasty, tanggal ang monopoly, duopoly at ibat iba pang nagpapayaman sa mayayaman samantalang ang mga nasa malalayong lugar ay patuloy na naiiwan, sa federalism tanggal yan" pahayag ni Puno.

Sa ilalim anya ng federal system of government, 50 percent ng kita ng bawat rehiyon ay mapapakinabangan ng direkta ng mamamayan ng bawat rehiyon, mapapalakas ang pagtamasa ng mamamayan sa kanilang mga karapatan.

"The concentration of federalism is not power, not delegation of power but equitable power of the government in the region ", sabi pa ni Puno. *(Angie dela Cruz)*